# Mamaya na, Maaga pa Naman: Ang Implikasyon ng "Filipino Time" sa Akademikong Pagganap ng mga Mag-aaral sa Isang Pribadong Unibersidad sa Panahon ng Pandemya

**Asia Pacific Journal of Management and Sustainable Development**
Vol. 10. No. 3, pp. 106-116
September 2022
ISSN 2782-8557

**Lozada, Azalea Nicole C.** [1], **Melo, Julian Ramon A., Tenorio**[2], **Iya Nicole S., Turado**[3], **Niel Margarette R.** [4], **Arnel B. Clavero Jr.** [5]
Senior High School Students at Adamson University
*azalea.nicole.lozada@adamson.edu.ph*[1], *julian.ramon.melo@adamson.edu.ph*[2], *iya.nicole.tenorio@adamson.edu.ph*[3], *niel.margarette.turado@adamson.edu.ph*[4], *arnel.clavero.jr@adamson.edu.ph*[5]

*Date Received: June 24, 2022 ; Date Revised: August 1, 2022*

***Abstract –*** *Kilala ang mga Pilipino sa pagkakaroon ng magagandang tradisyon at mayamang kultura, ngunit hindi maipagkakailang marami ring negatibong kaugalian ang naging bahagi ng ating kultura, kagaya ng "Filipino Time". Kaya naman, napili ng mga mananaliksik na pag-aralan sa pamamagitan ng kwalitatibong pananaliksik ang Implikasyon ng "Filipino Time" sa Akademikong Pagganap ng mga Mag-aaral sa Isang Pribadong Unibersidad na naglalayong tukuyin ang implikasyon nito sa aspekto ng buhay ng tao, partikular ang kanilang akademikong pagganap. Upang masuri ang karanasan ng mga mag-aaral, ang disenyo ng pananaliksik ay penomenolohiya. Sa paglikom ng datos, ang mga balangkas ng mga tanong ay ginawa at ginamit sa pakikipagpanayam sa anim na mag-aaral ng Adamson University. Gumamit ang mga mananaliksik ng Purposive Sampling sa pagkuha ng mga kalahok sapagkat ang mga makakapanayam ng mga mananaliksik ay dapat mga mag-aaral na nakaranas ng "Filipino Time". Bilang konklusyon, napag-alamang hindi gaano karami ang positibong implikasyon ng kulturang ito't lamang ang negatibong implikasyon. Ang mga negatibong implikasyon ay: Pagiging iresponsable (1) Pagbawas ng kaalaman (2) Kawalan ng oras sa paggawa ng gawain (3) at Pagkakarooon ng mababang grado sa paaralan (4). Ang positibong implikasyon nama'y pagkakaroon ng mas mahabang oras sa paghahanda upang gumanap sa akademiks. Bilang tugon sa mga negatibong implikasyon, inirerekomenta ng mga mananaliksik na magkaroon ng mahigpit na disiplina at sa susunod ay malawak na populasyon upang masuri nang mabuti ang karanasan ng mga mag-aaral sa nasabing kultura.*

***Keywords –*** *Akademikong Pagganap, Filipino Time, Kultura, Mag-aaral, Implikasyon*

## PANIMULA

### Kaligiran ng Pag-aaral

Hindi maitatanggi na ang kultura ay kaluluwa ng lipunan. Ito ang kabuuang konseptong sangkap sa pamumuhay ng mga tao, ang batayan ng kilos at gawi, at ang kabuuang gawi [1]. Sinasalamin nito ang pagkatao sapagkat nakatatak dito ang pang araw-araw na gawi. Sumasaklaw sa kultura ang karunungan, pamahiin, paniniwala, sining, batas, kakayahan, pag-uugali, tradisyon, damdamin at iba pang abilidad ng tao na kanyang nakamit at nalinang na maipapamana sa mga susunod na henerasyon sa pamamagitan ng wika at pagkakabuklod buklod ng mga miyembro ng isang lipunan [2]. Bukod doon, ayon kina White, Valk, & Dialmy [3], ang oras ay kasapi ng kultura at sitwasyon. Kung kaya't dahil sa pagiging buhay at dinamiko ng kultura, mayroong mga tradisyon na umusbong at bilang pag-unawa sa konklusyon ng pagsasaliksik nina White, et al et[3], masasabi na kabilang dito ang kultura ng *"Filipino Time"*.

Ang *"Filipino Time"* ay isa sa mga kilalang kultura ng mga Pilipino. Ayon kay Laneria [4], ito ay isang maliit na parte ng ating mga komplikadong problemang kultural na dapat solusyonan. Ang *"Filipino Time"* ay ang kaugalian ng pagiging huli sa isang pagtitipon na matatagpuan sa kasalukuyang panahon pati na rin sa nagdaang araw ng mga Español, na hindi nabago dahil sa pagpapabaya ng mga Pilipino sa gawaing ito [5]. Kapag ang mga Pilipino ay nag-usap sa isang itinakdang oras, halimbawa ay alas otso (8) ng umaga ang pagkikita ng dalawang tao, darating ang isa sa kanila ng alas nuwebe (9) ng umaga [6]. Ngunit kadalasan, ginagamit ang *"Filipino Time"* bilang dahilan ng bawat indibidwal na walang konsiderasyon o walang pagpapahalaga sa oras ng ibang tao [7].

Simula noong Akademikong Taong 2020–2021, ipinatupad na sa Pilipinas ang *distance learning* para hindi tumigil o huminto ang pag-aaral sa kabila ng hinaharap na pandemya ng COVID-19 [8]. Nagpapatuloy ito hanggang sa *School Year* 2021–2022 [9]. Inilahad ng *Department of Education* o DepEd [8] na isa sa mga pamamaraang gagamitin sa *distance learning* ay ang *online classes.* Ito ang pagkonekta sa *internet* at paggamit ng mga *Learning Management System (LMS)* at *virtual classrooms* tulad ng *Blackboard*, kung saan makikita ng mga mag-aaral ang mga materyales na gagamitin at mga gawain o pagsusulit na kailangan nilang matapos [10]. Bukod doon, mayroon pang *Asynchronous Mode*, kung saan kanya-kanyang paglalaan ng oras ang gagawin ng mga mag-aaral upang gawin ang mga aktibidad, at *Synchronous Mode*, kung saan gagamit ng *video conferencing site* ang guro at mga estudyante upang magsagawa ng talakayan at diskusyon ng sabay-sabay sa itinakdang oras [11]. Sa sistemang ito ay umiiral pa rin ang *"Filipino Time"* sapagkat mayroong mga mag-aaral na nahuhuling sumali sa *synchronous* na sesyon kahit na walang balidong dahilan. Maoobserbahan ng mga guro na kulang ang mga mag-aaral sa *meeting*, at magsasakripisyo pa ng ilang minuto upang maghintay. Sa ibang mga pagkakataon ay diretso na sa pagtuturo ng aralin sa halip na abangang maging kumpleto ang klase.

Naging bahagi na ng kultura ng Pilipinas ang pagiging *"late"* o nahuhuli sa mga kaganapan na tinatawag o kinikilala bilang *"Filipino Time"* [12]. Matagal na itong naoobserbahan sa ating nasyon. Makalipas ang ilang siglo ay nananatili pa rin itong isyu hanggang ngayon [13]. Kung kaya't nararapat na pag-aralan ang paksang ito sapagkat nagdudulot ang *"Filipino Time"* at pagiging huli ng mga masasamang implikasyon sa iba't ibang aspeto, at isa na rito ang akademikong pagganap ng mga mag-aaral [14]-[16]. Mula doon, mapag-aaralan nang lubos ang implikasyon ng *"Filipino Time"* sa edukasyon ng mga mag-aaral at kung paano ito patuloy na isinasagawa sa kabila ng pagkakaroon ng pagbabago sa sistema ng edukasyon dahil sa pandemya.

**Pagtalakay ng mga Kaugnay na Pag-aaral at Literatura**

Sinusuri sa parteng ito ang mga kaugnay na literatura at pag-aaral na tunay na makatutulong sa pagkamit ng mga layunin ng pananaliksik. Naglalaman ito ng mga mahahalagang impormasyon ukol sa paksang *"Filipino Time"* na pinag-aaralan ng mga mananaliksik.

Tunay na nakatatak na sa kultura ng mga Pilipino ang *"Filipino Time"*—isang kaugalian na kung saan nakasanayan ang pagiging huli pati na rin ang hindi kapani-kapaniwalang pagtanggap dito [17]. Ngunit bago pa man ito naimbento, ang kultura ay naipakita na noong panahon pa ng kolonisasyon ng mga Kastila. Alinsunod kay Chua [17], sinabi ni Dr. Louie Benedict Ignacio, isang guro mula sa Unibersidad ng Santo Tomas na nagtuturo sa mga larangang agham pampulitika at sosyolohiya, na ang konsepto ng *"Filipino Time"* ay nagmula sa kaugalian ng Kastila noong sinakop nila ang ating bansa. Huli na sila dumating upang ipahiwatig na sila ay mahalagang tao na mas nakakataas sa lipunan. Binigyang diin din ito ni Santos [13] at ng hanguang elektroniko na Filipiknow [18] sapagkat inilahad nila na ang pagiging huli ng mga Kastila ay binanggit sa *Noli me Tangere* at *El Filibusterismo* ni Dr. Jose Rizal. Sa kalaunan ay naging ugali na rin ito ng mga Pilipino at nakita ito noong panahon ng pananakop ng mga Amerikano. Ang terminong *"Filipino Time"* ay maaaring likha ng mga Amerikano dahil hindi nila nagustuhan na nahuhuli ang mga Pilipino sa mga pagtitipon [12]. Isang tanyag at kapansin-pansin na pangyayaring naitala noon ay ang pagiging huli ng dating pangulong Elpidio Quirino sa isang okasyon sa Fordham University, New York, USA kung saan hindi siya nakarating sa itinakdang panahon [18]. Dumating si Quirino dalawang oras pagkatapos ng pinagkasunduan na simula, kaya't maraming nainip, nadismaya, at umalis [12]. Ngunit ang pananaw na ito ay patuloy pa ring pinagtatalunan at inaaral sapagkat binigyan diin ng mga magsasalaysay ang konsepto na nagsasaad na ayon sa mga kolonyalista, ang katamaran ng mga Pilipino ang pangunahing dahilan kung bakit patuloy na hindi maunlad ang lipunan.

Ayon kay Bernad [19], ang *punctuality* o pagsunod sa tamang oras ay tila parang salitang banyaga pa rin sa mga Pilipino sa kasalukuyang henerasyon. Makikita ito sa mga impormal na pagtitipon o *social gatherings;* pati na rin *formal setting* kagaya ng mga akademikong pagpupulong at iba pa [19]. Dahil sa nasabing isyu, patuloy na pinag-aaralan ng mga mananaliksik ang mga bagay na nagbibigay impluwensya sa kung bakit ito patuloy na nagiging parte ng kultura. Ayon kay Chua [17], mayroong mga *external factors* na nagiging dahilan sa pag-usbong nito sa kasalukuyan tulad ng trapiko at mga isyu sa transportasyon. Ngunit dahil ito ay naging

kasanayan na, naapektuhan nito kilos at ugali ng mga Pilipino kagaya sa kanilang akademikong pagganap [20].

Sa kasalukuyan, nagkakaroon ng iba't ibang dahilan kung bakit sinusunod pa rin ang *"Filipino Time"*. Isa na rito ang matagal na proseso ng paghahanda para sa pupuntahan kaya't nahuhuli dumating [21]. Madalas din ginagawang katwiran ang matinding traffic [12],[21]. Ang iba naman ay pinipili talaga na sundin ang *"Filipino Time"* sapagkat hindi nila nais maghintay sa iba tuwing sila ay nauuna at naniniwala silang hindi agad magsisimula ang pagpupulong sa takdang oras [20].

Kung titignan natin ang sitwasyon sa larangan ng edukasyon, maraming nakapipinsalang kahihinatnan ang pagiging huli. Ipinaliwanag ni Pancare [14] na ang maagap na pagdalo sa klase ay isang mahalagang tungkuling nararapat sundin. Ang mga mag-aaral na nahuhuli ay maaaring makita ng iba bilang iresponsable at mahirap pagkatiwalaan. Ipinahayag naman ni Vukovic [16] na nawawalan ng kamalayan at kaalaman ang mga nahuli sa mga hindi naabutang anunsyo, diskusyon at gawain. Idinagdag ni Pancare [14] at Robb [15] na ang mga nahuhuling mag-aaral ay nagkakaroon ng mga mabababang marka. Bukod doon, ang mga estudyante na madalas *late* pumasok sa klase ay nabibigyan ng aksyong pandisiplina [22]. Nalalagay sila sa panganib na mabigo sa mga asignatura, masuspinde mula sa paaralan at matigil ang pag-aaral [15]. Bilang resulta, maaaring makaranas ng mataas na lebel ng *stress* at *pressure* ang mga mag-aaral na nahuhuli [23]. Bukod doon, naapektuhan din ng pagkahuli ang mga guro. Naaantala ang kanilang pagtalakay sapagkat hindi dumating sa takdang oras ang mag-aaral. Kakailanganin nilang pagtuunan ng pansin ang mga ito upang makahabol sa diskusyon [16]. Sa kabila nito, ipinaglalaban ni King [24] na hindi kasalanan ng mga mag-aaral ang ilang pagkakataon na nahuhuli sila, lalo na sa klaseng *online* kung saan nararanasan ng iba ang mahinang koneksyon sa internet. Kinakailangan ng ilan bumili ng *mobile data* para lamang makapunta sa *video conference meeting*, kaya't nahihirapan ang mga mag-aaral pumasok at makinig sa mga talakayan [25]. Maliban pa rito, mayroong mga responsibilidad o gawain ang mga mag-aaral sa kanilang mga tahanan na nagiging sanhi ng kanilang pagkahuli sa klase [26].

Sa halip na tanggalin ang negatibong konotasyon na ito ay tinatanggap at niyayakap natin ito bilang sariling atin [12]. Bagamat nagiging mas maalalahanin at maingat ang mga mag-aaral sa pagiging huli tuwing mayroong presensya ng guro o propesor [20], hindi pa rin dumadating ang lahat sa pinagkasunduan na oras. Isinasaad sa pananaliksik ni Smart [26] na nahuhuli ang mga mag-aaral dahil hindi sinusubaybayan o minamarkahan ng guro ang kanilang *attendance*. Salungat sa pahayag ni King [24], ang ilang indibidwal ay patuloy na nahuhuli sa klaseng online kahit na wala silang mabuting rason at hindi naman sila nagkakaroon ng mabagal na koneksyon. Alinsunod kay Rachelle [27], isang dahilan ng pagkakaroon ng mababang bilang ng mag-aaral na pumapasok sa *online classes* ay ang pagiging tamad. Hindi na dumadalo ang ilang estudyante sa kanilang klase sapagkat mayroon silang mga ibang nais gawin. Ayon naman kay Pancare [14], mahihikayat ng mga magulang ang kabataan na maging mas mabuting mag-aaral, ngunit ang ilan sa kanila ang mismong nagpapakilala sa *"Filipino Time"* sa kanilang mga anak [20].

Sa kalagayang ito, upang mas mabigyan pansin pa *internal factors* na nagbibigay dahilan sa pag-subong pa ng nasabing kultura, ang pananaliksik na ito ay naglalayon na palawakin ang pagkakaunawa sa kung paano nakakaapekto ang kulturang *"Filipino Time"* sa pagiging produktibo ng mga Pilipino. Upang matiyak ang pag-aaral at layunin ng mga mananaliksik, ang pananaliksik na ito ay naglalayong magpaliwanag sa mga implikasyon ng *"Filipino Time"* sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa *face-to-face classes* at *online classes.* Ang mga resulta mula rito ay magagamit upang madagdagan ang kaalaman tungkol sa paksang pinag-aralan. Upang maresolba ang problema at makabuo ng mas magagandang kaugalian sa ating mayaman na kultura, kailangan nating magsagawa ng pag-aaral. Samakatuwid ay maaari pa itong mapaunlad at mapabuti sa mga susunod na pananaliksik.

Upang palawakin ang kaalaman ng pag-aaral, ang mga mananaliksik ay gagamit ng mga tatlong (3) teorya at ito ang Teoryang *Pickle Jar* ni Stephen Covey, *Planning Fallacy* nina Daniel Kahneman at Amos Tversky, at Teoryang *Self-Discrepancy* ni Tory Higgin. Sinusuri ng mga teorya ang pag-uugali ng mga Pilipino na nagbigay impluwensya sa pag-usbong at pagpapakita ng kulturang *"Filipino Time"*.

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong bigyan pansin ang implikasyon ng kulturang *"Filipino Time"* sa akademikong pagganap ng mga estudyante sa isang pribadong unibersidad. Sa pamamagitan nito, mapapalawak ang kaalaman at kamalayan ng mga Pilipino ukol sa paano ito naapektuhan ang iba't-ibang

aspekto sa buhay at kung karapat-dapat ba itong isanay sa pang araw-araw na buhay. Bukod doon, ang pag-aaral na ito ay may layunin na matukoy ang pag-iral ng nasabing kultura sa *online class* at ang implikasyon nito sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa kabila ng pagbabago sa sistema ng edukasyon simula noong pag-usbong ng pandemya.

## Balangkas Teoretikal





Paradaym 1.1 *Teoryang Pickle Jar ni Stephen Covey, Planning Fallacy nina Daniel Kahneman at Amos Tversky, at Teoryang Self-Discrepancy ni Tory Higgin*

Makikita sa itaas ang paradaym 1.1 ang mga teoryang pinagbabatayan ng pag-aaral na ito: Ang Teoryang *Pickle Jar* ni Stephen Covey, *Planning Fallacy* nina Daniel Kahneman at Amos Tversky, at Teoryang *Self-Discrepancy* ni Tory Higgin. Ayon kay Matchette [28], ang prinsipyo ng Teoryang *Pickle Jar* ay tungkol sa isang malaking salamin na garapong atsara na puno ng maraming kasinglaki ng kamao na batong sumisimbolo sa mga importanteng gawain, maliliit na batong sumisimbolo sa mga pang araw-araw na hinaharap at mga buhanging kumakatawan sa mga maliliit na bagay. Samantala, ang *Planning Fallacy* ayon kay Buehler, Griffin, & Ross [29], tinatantsa natin ng mababa ang oras na igugugol sa mga bagay na kailangan gawin kapag bumubuo ng plano bunsod ng pag-aakala na walang ibang maapektuhan dito. At gayundin, ang isa pang nakakaapekto sa ugali ng mga tao ay ang Teoryang *Self-discrepancy* na nagpapatungkol sa tinatawag ring teorya sa pagkaka-iba sa sarili [30]. Ito ay may tatlong konsepto; ang *actual self* na nangangahulugang "kung paano ka ngayon", ang *ideal self* na nangangahulugang "kung ano ang gusto mo maging sa hinaharap", at ang *ought self* na nangangahulugan na "kung ano nasa isipan mong maging" na humahantong sa pagkabigo at alitan kapag hindi umayon sa isa't isa.

Ang mga teoryang nabanggit ay ilan sa mga naka-iimpluwensya sa paglaganap ng *"Filipino Time"* sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral ng isang pribadong unibersidad. Ang implikasyon ng Teoryang *Pickle Jar* sa pananaliksik ay ang pagpapaliban ng mga mag-aaral sa mga nararapat na gawin dahil sa patuloy na pagkakaroon ng mga abala o libangan. Sunod, ang Teoryang *Planning Fallacy* ay nakakaapekto sa pagganap ng mga mag-aaral dahil sa pag-aakalang kakaunti lamang ang oras na igugugol sa partikular na gawain kapag nagpaplano, kaya't madali lamang ito matatapos, na nagreresulta sa pagkahuli ng mag-aaral sapagkat hindi nito mamamalayang ubos na ang kaniyang oras. Huli, ang implikasyon ng Teoryang *Self-Discrepancy* sa pananaliksik ay ang pagkaramdam ng mag-aaral ng konsumisyon o kabiguan tuwing hindi niya nagagawa ang mga gawain na kailangang gawin.

## Balangkas Konseptuwal




Paradaym 1.2 *Modelong IPO sa Implikasyon ng "Filipino Time" sa Akademikong Pagganap ng mga Mag-aaral sa Isang Pribadong Unibersidad*

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong alamin ang implikasyon ng *"Filipino Time"* sa akademikong pagganap ng isang mag-aaral ng pribadong unibersidad. Sa bahaging ito, ipakikita ang paradaym 1.2 na ginamitan ng modelong IPO o *input-process-output model*. Inilahad sa *input* ang *target audience* para sa panayam at ang mga datos na kinakailangang makuha mula rito. Nakasaad naman sa proseso ang mga hakbang na isasagawa ng mga mananaliksik upang maayos na mailahad ang interpretasyon ng mga datos at impormasyong nakalap mula sa mga RRL o *review of related literature*, pati na rin sa mga panayam. Nilalaman naman ng awtput ang layunin at ang kalalabasan ng pananaliksik.

## Kahalagahan ng Pag-aaral

Ang pag-aaral na ito ay nais maunawaan ang implikasyon ng *"Filipino Time"* sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa isang pribadong unibersidad na naglalayong mapakinabangan ng mga estudyante, guro, pribadong unibersidad at ng mga mananaliksik sa hinaharap.

- **Estudyante.** Maipauunawa nito sa mga estudyante ang tunay na implikasyon ng *"Filipino*

*Time"* sa kanilang buhay. Magagawa rin nitong magbigay ng kamalayan sa masamang dulot ng kasanayang ito sa larangan ng akademiko. Sa kabila ng nagaganap na pandemya, makatutulong ang pananaliksik sa pagmulat ng kanilang mga mata upang mapagtanto ang pangangailangan ng mabuting pagbabago at solusyon sa kulturang *"Filipino Time"*.

- **Magulang.** Magagabayan ng mga magulang ang kanilang mga anak upang matulungan silang mas maintindihan ang penomenang *"Filipino Time"* at matagumpayan ang mga hamon na dulot nito, lalo na sa panahon ng pandemya.
- **Guro.** Mabubuksan ang isipan ng mga guro upang maunawaan ang kalagayan ng mga mag-aaral at linangin ang mga ito upang labanan ang kasanayang *"Filipino Time*". Makakaisip sila ng mga paraan upang maiwasan ang mga hinaharap na problema sa *online classes* na mayroong kaugnayan sa nasabing kultura.
- **Pribadong Unibersidad.** Kahit na mayroong pandemya, matitiyak nila ang pagbibigay ng mataas na kalidad ng edukasyon sa kaayusang *online.* Sa pamamagitan ng pananaliksik na ito, mabibigyang pansin ng mga namamahala sa pribadong unibersidad ang implikasyon ng *"Filipino Time"* sa mga mag-aaral na magiging daan upang magsagawa sila ng patakaran na kokontra sa kasanayang ito.
- **Mga mananaliksik sa hinaharap.** Magagamit nila ang mga datos mula sa pananaliksik na ito bilang suporta sa kanilang pag-aaral ukol sa kasanayang *"Filipino Time*". Magsisilbi itong basehan upang makalikha sila ng mga ideya na magbibigay linaw pa sa isyung hinaharap. Maliban pa rito, maaari silang makahanap ng sagot sa suliraning dulot ng *"Filipino Time"*.

## PAGLALAHAD NG SULIRANIN

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong tukuyin ang implikasyon ng "Filipino Time" sa aspekto ng buhay ng tao, partikular ang kanilang akademikong pagganap sa panahon ng pandemya. Upang matamo ang layuning ito, inihanda ng mga mananaliksik ang mga sumusunod na mga tanong: Ano-ano ang mga positibong implikasyon ng kulturang "Filipino Time" sa akademikong pagganap ng mga estudyante kung isasaalang-alang ang: Face-to-Face classes at. Online classes. Ano-ano ang mga negatibong implikasyon ng kulturang "Filipino Time" sa akademikong pagganap ng mga estudyante kung isasaalang-alang ang: Face-to-Face classes at Online classes.

## METODOLOHIYA

### Disenyo ng Pananaliksik

Ang pananaliksik na ito ay naglalayong tukuyin ang implikasyon ng *"Filipino Time"* sa aspekto ng buhay ng tao, partikular ang kanilang akademikong pagganap. Upang maisakatuparan ito, ang disenyong gagamitin ay ang penomenolohiya. Ayon kay Hammond [31], ang penomenolohiya ay isang penomenolohikal na pamamaraan ng pananaliksik ni Edmund Husserl na sinisiyasat ang tinatawag na *lived experience* o karanasang dinanas ng mananaliksik at isa pang kalahok. Sa pag-aaral na ito ay susuriin ng mga mananaliksik ang penomena na nararanasan ng mga mag-aaral sa pribadong unibersidad ukol sa implikasyon ng *"Filipino Time"* sa kanilang akademikong pagganap.

### Lokal at Tagatugon

Gagamitin ang *purposive sampling* bilang *sampling technique* sapagkat ang pananaliksik ay kwalitatibo. Ayon kay Bernard [32], ang teknik na ito ay ang pagpili sa mga impormante batay sa mga katangian na kanilang tinataglay at tinatawag ding *judgement sampling*. Ito ay *non-random* teknik na hindi kinakailangan ng pagbabatayang teorya o pangkat ng impormante. Sa madaling salita, mga mananaliksik ang mag-dedesisyon kung ano ang kailangang alamin at magkakalat upang makahanap ng mga taong kaya at handang magbigay ng impormasyon base sa birtud ng kaalaman o karanasan [33]. Ang mga napiling kalahok sa pag-aaral ay mga mag-aaral sa *Senior High School* ng Adamson University na nakaranas na mahuli sa pagsunod sa mga akademikong tungkulin. Sapagkat ang pag-aaral na ito ay gagamit ng penemenolohiya bilang disenyo ng pag-aaral, ang mga mananaliksik ay makikipanayam sa anim (6) na mga kalahok [34].

### Instrumento ng Pag-aaral

Upang makamit ang layunin na matukoy ang mga positibo at negatibong implikasyon ng *"Filipino Time"* sa akademikong pagganap ng mga estudyante, gagamit ang mga mananaliksik ng pamamaraang pakikipanayam na magaganap sa isang *video communication app* na *ZOOM* upang makalikom ng kinakailangang datos. Ang instrumento ng pananaliksik ay sariling likha. Ipapasuri ito sa mga propesyonal na eksperto sa larangan ng edukasyon upang masiguro ang balidity, reyalabiliti at kredibilidad.

### Pangangalap ng Datos

Bago ang lahat, nag-usap muna ang mga mananaliksik upang makapag-pasya kung ano ang paksa na gagamitin sa pag-aaral. Nagpokus sila sa wika at kultura ng Pilipinas at isa sa mga naisip ay ang *"Filipino*

*Time"* na mayroong mga mapaminsalang implikasyon sa atin. Naging interesado ang mga mananaliksik sa nasabing paksa, kaya't nagbasa sila ng mga kaugnay na literatura at pag-aaral upang lumawak ang kaalaman ukol dito. Pagkatapos ng pagsisiyasat ay napag-desisyunan ng mga mananaliksik na pag-aralan ang penomenang *"Filipino Time"* upang maunawaan at maintindihan ito. Ang pag-aaral ay magpapaliwanag ng mga implikasyon ng *"Filipino Time"* sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa klaseng *Face-to-Face* at *Online*. Kasunod nito ay binuo na ang pamagat at ang unang kabanata ng pananaliksik. Tunay na nakatulong ito sa pag-alam sa mga detalyeng kakailanganin para sa metodolohiya. Kinilala ito bilang isang kwalitatibo at penomenolohikal na pananaliksik na pumili ng anim (6) na kalahok gamit ang *purposive sampling technique*. Nakapanayam ng mga mananaliksik ang mga estudyanteng nag-aaral sa isang pribadong unibersidad upang makakuha ng makatotohanang impormasyon mula sa kanilang mga karanasan. Upang mapaghandaan ang panayam, gumawa ng balangkas ng mga tanong ang mga mananaliksik. Sinisigurado nito na magiging maayos ang daloy ng panayam sapagkat mayroong partikular na istraktura. Nakausap din ng mga mananaliksik ang mga kalahok at pinagkasunduan kung kailan isasagawa ang pakikipagpanayam. Bukod doon ay ipinadala rin ang mga etikal na konsiderasyon sa mga impormante. Sa pamamagitan nito ay nalaman nila ang mga importanteng detalye na kaugnay sa pananaliksik. Pinirmahan nila ito upang sumang-ayon sa mga kondisyon at ibigay ang kanilang permiso sa ibabahagi nilang datos.

Ang mga mananaliksik at ang mga kalahok ay nagkaroon ng pagpupulong sa itinakdang oras. Gumamit sila ng *video conferencing app*, partikular ang *ZOOM* upang isagawa ang panayam sapagkat sa tulong nito ay mawawala ang abala ng paglabas at pakikipagkita sa gitna ng nararanasang pandemya. Nang makuha ang pahintulot ng kalahok, tiniyak ng mga mananaliksik na *recorded meeting* ang kanilang sesyon upang madali itong balikan at pag-aralan. Ang panayam ng bawat kalahok ay nagtagal ng lima hanggang sampung minuto batay sa kanilang mga sagot.

Pagkatapos ng pakikipanayam ay kinolekta lahat ng mga sagot sa isang dokumento. Dito isinulat ang transkripsyon ng mga ibinahagi ng mga kalahok. Nakatulong ang paggamit nito sa pagsusuri, pagbibigay interpretasyon ng mga tugon, at pagpapakita ng mga resulta ng pag-aaral.

**Pagsusuri ng Datos**

Ayon kina Braun at Clarke [35], ang *Thematic Analysis* ay isang pamamaraan ng pagtukoy at pag-aaral ng mga tema na nakapaloob sa datos. Binigyan diin din na ito ay mayaman sa impormasyon sapagkat nakapagbibigay ito ng matibay at malinaw perspektibo ng saliksik. Upang masuri ang mga nakalap na datos, ang mga mananaliksik ay gagamit ng *Thematic Coding* o *Analysis* sapagkat ang pangunahing instrumento sa pangangalap ng datos ay ang pakikipanayam. Bukod doon, ang nasabing instrumento sa pagsusuri ng datos ay magbibigay daan upang matuklasan at mapag-aralan nang mabuti ang mga karanasan ng mga kalahok sapagkat makabubuo ang mga mananaliksik ng mga angkop na tema na siyang nagbibigay kahulugan ng kanilang mga pananaw. Sa pamamagitan nito, matutukoy ng mga mananaliksik ang implikasyon ng kulturang *"Filipino Time"* sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral.

**Etikal na Konsiderasyon**

Nagdaan sa mahabang proseso ang pagkuha ng mga datos mula sa mga kalahok. Upang masiguro na ang lahat ng datos ay mananatili lamang sa mga mananaliksik at kalahok, nagkaroon ng kasunduan at sertipikasyon. Ang mga ito ang magpapatunay na magkakaroon ng pag-iingat at maayos na proseso na kung saan ang mga nakalap na impormasyon ay mananatiling kompidensyal at para lamang sa layunin ng pagsasaliksik. Bukod doon, maaaring pagbigyan ang mga kalahok kung hindi nila nais gamitin ang kanilang totoong pangalan, tumanggi sa pagbigay ng kompidensyal na impormasyon, o magkaroon ng *recorded meeting* sapagkat mayroon silang karapatan dito. Bilang pagrespeto sa mga mag-aaral na sasali sa panayam, sinisiguro ng mga mananaliksik na lahat ng mga karapatan na nakasaad sa kasunduan at sertipikasyon ay masusunod.

## RESULTA AT DISKUSYON

### Positibong Implikasyon ng Kulturang *"Filipino Time"* sa Face-to-Face

| **Tema 1** | **Pahayag ng Kalahok** |
|---|---|
| Kulturang *"Filipino Time"* bilang Pabor sa mga Pagkakataong may Suspensyon ng Klase | "Base sa mga karanasan ko noong *face-to-face* pa lamang, ang positibong epekto ng *"Filipino Time"* sa aking akademikong pagganap ay [paghintay] sa nagsususpinde ng huli na ang mga lokal na pamahalaan [kaya] ay nagkakaroon ako ng pagkakataon na hindi agad pumasok dahil sa masamang panahon […]" ani Kalahok 6 |
| **Tema 2** | **Pahayag ng Kalahok** |
| Kulturang *"Filipino Time"* bilang Paghahanda | "May mga pagkakataon na nakakapagbigay ito sa akin ng oras upang makapaghanda sa mga paparating na mga pangyayari." ani Kalahok 6 |

Bukod doon, ayon kay Burns sa kanyang libro [37], kinakailangan natin ang oras upang magkaroon ng paghahanda sa sarili; kasama nito ang mga pansariling gawain kagaya ng pagkain, pagtulog, at pagtatrabaho. Nabigyan diin ang ideolohiyang ito sa positibong implikasyon na binanggit ng ika-anim na kalahok. Ayon sa kanya, nakatutulong ang kulturang ito sa pagkakaroon nila ng mas mahabang oras upang maghanda sa maaring ganap sa paaralan. Maaring ito ang naging implikasyon sa kanya bilang isa sa mga naapektuhan ng nasabing kultura.

**Positibong Implikasyon ng Kulturang *"Filipino Time"* sa Online Class**

| Tema 1 | Pahayag ng Kalahok |
|---|---|
| Kulturang *"Filipino Time"* bilang Pabor sa Kagustuhan | "Nakakatulong ito sa akin lalo na at pag ako ay nakadata lamang ay nakakatipid ako sa load at hindi nasasayang ang aking oras sa paghihintay ng aming mga guro." ani Kalahok 6<br><br>"Nakapagpapagaan ito ng damdamin sa maikling panahon at magagamit mo ang oras mo sa ibang mga bagay kagaya ng pagbibigay oras para sa iyong sarili." ani Kalahok 5 |
| **Tema 2** | **Pahayag ng Kalahok** |
| Kulturang *"Filipino Time"* bilang Aral | "Nagpapakita rin 'to sakin ng halaga dahil ang oras ay isang ginto. Dahil din dito pinapakita ang ang oras ay isang ginto na dapat ingatan at pahalagahan kase hindi natin— mababalik yung oras na nasayang." ani Kalahok 4<br><br>"Mga paggawa ng mga gawain sa *"Filipino Time"*, siguro dahil sa mga problemang 'yon, ay nagkakaroon ako ng mga ideya upang maging maayos ang aking buhay." ani Kalahok 4<br><br>"Para sakin, ah, naging positibong implikasyon ang *"Filipino Time"* sa akin, dahil nagkakaroon nga rin ako ng mga ideya nga sa mga anong gagawin, para sa susunod na aking mga plano ay magiging maayos na ko." ani Kalahok 4 |

Ayon sa mga mag-aaral na nagbahagi ng kanilang saloobin ukol sa positibong implikasyon ng kulturang *"Filipino Time"* sa kanilang akademikong pagganap sa online class, nakatulong ang nasabing kultura sa pamamaraan ng nagkaroon ng maayos na paggamit ng oras. May pagkakataon na ang mga guro ay nakagagawa rin ng kulturang *"Filipino Time"* kung kaya ang mga mag-aaral ay nakararanas din ng mga implikasyon nito. Sinuportahan din ito ni Maliwanag [20] sa kanyang saliksik na naglalahad na may malaking kontribusyon din ang pag-uugali ng mga guro sa pagkakaroon ng kulturang *"Filipino Time"* sa akademikong pagganap bukod sa pag-uugali ng mga estudyante. Dahil sa karanasan na iyon, nakatipid ang mga mag-aaral sapagkat nagagamit nila ang oras sa mga bagay na kinakailangan nilang gawin gaya ng pag-aayos ng sarili na ibinanggit ni kalahok 5. Bukod doon, nakatitipid din sa *online resources* ang mga mag-aaral na binigyan diin ni kalahok 6. Binanggit niya na nakatipid siya sa *load* na ginagamit niya para sa *online classes* sapagkat kaysa mag-hintay sa kanyang guro habang bukas ang *mobile data*, ay mas pinili niya pumasok sa oras na nasa klase na mismo ang kanyang guro. Bilang sagot sa mga nabanggit na implikasyon ng nasabing kultura, naging aral ang pagiging *late* sa mga mag-aaral. Ayon kay kalahok 4, dahil sa mga naranasan niya, nabigyan niya ng halaga ang oras. Tinuring niya itong ginto at hindi hahayaang masayang dahil hindi naman ito mababalik. Bukod doon, binigyan diin niya rin na nagkakaroon siya ng ideya o motibasyon na ayusin ang buhay sa pamamaraan na alam niya na ang susunod na gagawin para maiwasan niya na ang mga problema na dinudulot ng kulturang *"Filipino Time"*.

**Negatibong Implikasyon ng Kulturang *"Filipino Time"* sa Face-to-Face**

| Tema 1 | Pahayag ng Kalahok |
|---|---|
| Implikasyon ng *"Filipino Time"* sa Pag-iisip at Karakter | "Isang negatibong implikasyon nito, tulad ng ideyang naging iresponsable, ang implikasyon nito sakin ay nagkakaroon nga ako ng ibat-ibang ideya at paraan upang iwasan yon, tulad ng pag-iisip— tulad ng pag-iisip ng mga iba't-ibang paraan— tulad ng… ah— pagiging seryoso at tapat sa gagawin." ani Kalahok 4<br><br>"Nagiging parte ito ng karakter ko na hindi maganda at dapat na itigil. Nakakaapekto rin ito sa aking pagganap." ani Kalahok 3<br><br>"Ang ugali ng pagiging huli sa takdang oras na o ang *"Filipino Time"* ay walang mabuting naidudulot sa kahit anong paraan sa aking akademikong pagganap noong *face-to-face*. Ito ay dahil sa malinaw na dahilan na nagkakaroon ng hindi maayos na tugon sa mga gawain sa eskwelahan o pagpasok sa mga mahahalagang klase o *event* ng paaralan. Maliban dito ay naaapektuhan ang karakter ng isang estudyante kung araw-araw niya itong uugaliin." ani Kalahok 3<br><br>"Ang negatibong implikasyon sa akin ng *"Filipino Time"* noong *face-to-face* ay kapag nagsisimula na ang klase ay nahuhuli ako at hindi ko naabutan ang ibang mga naituro na nang aming mga guro." ani Kalahok 6<br><br>"Kapag ikaw ay nahuli sa isang gawain, mapapamadali ka na lang bigla dahil ubos ka na sa oras kaya para sakin kahit kailanman ay walang magiging positibong implikasyon ang *"Filipino Time"*." ani Kalahok 2<br><br>"Base sa aking karanasan, isa sa mga implikasyonng *"Filipino Time"* sa aking akademikong pagganap noong *face-to-face* ay nagiging *delay* ang daloy ng mga sitwasyon. Kapag naman sa klase, ako ay nagiging *late* o kaya naman sa mga importanteng *event*, nagkakaroon ng problem sa tuwing may huling dumadating." ani Kalahok 3 |

| **Tema 2** | **Pahayag ng Kalahok** |
|---|---|
| Bunga ng Implikasyon ng *"Filipino Time"* | "May mga pagkakataon na napapagalitan ako ng aking mga ibang guro na ako'y nahuhuli sa aming mga pag-aaral." ani Kalahok 6<br>"Hindi nagiging maayos ang kinakalabasan o kaya naman nagkakaroon ng implikasyon sa aking mga grado." ani Kalahok 3 |

Base sa mga impormasyong nakuha ng mga mananaliksik, pumukaw sa kanilang atensyon ang implikasyon ng *"Filipino Time"* sa pag-iisip at karakter ng mga mag-aaral, na ayon kay kalahok 4 siya ay naging iresponsable. Halos karamihan sa kalahok ang nagsabi na nagdulot ng negatibong implikasyon ang kasanayang ito; nangingibabaw na implikasyon nito sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral ang pagiging huli sa klase na nagdudulot ng pagkahuli sa pagkatuto. Ayon kay Cueva [38], kung tayo ay palaging *late* pumasok sa paaralan, ay nababawasan ang kaalamang maari nating matutunan, na sinasang-ayunan ni kalahok 6 dahil ayon sa kanyang karanasan, ang implikasyon ng *"Filipino Time"* ay nahuhuli siya sa klase at hindi niya na naaabutan ang ibang naituro na ng kanyang guro. Sa kabuuan ang mga negatibong implikasyon ng *"Filipino Time"* ay nagbunga ng mga hindi kanais-nais na mga pangyayari katulad ng napagalitan ng guro at naapektuhan ang grado sa kanilang akademikong pagganap. Pinakahuli ay sina kalahok 3 at 4 na kung saan ay nanindigang kahit kailanman ay walang mabuting maidudulot ang *"Filipino Time"* sa kahit anong paraan sa akademikong pagganap ng mag-aaral.

### Negatibong Implikasyon ng Kulturang *"Filipino Time"* sa Online Class

| **Tema 1** | **Pahayag ng Kalahok** |
|---|---|
| Implikasyon ng Kulturang *"Filipino Time"* sa Karakter o Pagkatao | "Nagiging parte ito ng karakter ko na hindi maganda at dapat na itigil." ani Kalahok 3<br><br>"Base sa aking karanasan, ako'y nagiging huli sa tuwing ako'y minsan ay inuugali ko ang *"Filipino Time"*." ani Kalahok 3 |
| **Tema 2** | **Pahayag ng Kalahok** |
| Implikasyon ng Kulturang *"Filipino Time"* sa Akademikong Ganap | "Isa na dito pag may pagpupulong nagaganap, naantala at hindi natutuloy dahil *late* kaya konti na lang ang pinag uusapan." ani Kalahok 1<br><br>"Nagkakaroon din ako ng mga *responsibilities*. Dumami yung *responsibilities* ko." ani Kalahok 4<br><br>"Mas mahirap magpasa at gumawa ng mga gawain sa eskwela at dahil doon ay natatambakan ang mga estudyante at kung papairalin nila ang *"Filipino Time"* ay mahihirapan sila lalo gumawa at maghabol." ani Kalahok 4<br><br>"Isang negatibong epekto nito, tulad ng ideyang naging iresponsable […]" ani Kalahok 4<br><br>"Ang negatibong implikasyon nito para sakin sa *online class* ay gayundin noong *face-to-face* lalo na pag nagsisimula na ang mga pagsusulit ako ay nahuhuli." ani Kalahok 6<br><br>"Base akin karanasan araw-araw, kung tayo ay palaging *late* pumasok ang ating kaalaman ay nababawasan." ani Kalahok 1<br><br>"Ngayong… ah— *this online class* naging prominente ito dahil una nasa bahay lang tayo *so*… ako *as a* bilang estudyante iniisip ko lagi na… ay wala yan kahit gawin ko na yan mamaya […]" ani Kalahok 4<br><br>"[…] una kasi hindi ako nagiging responsable. Ito rin ang isang dahilan kung bakit ngayon o noong— noong *face-to-face* ay hindi ako naging *responsible student* kasi umaasa ako lagi sa *"Filipino Time"*. [...]" ani Kalahok 4 |

Nagkaroon ng mga negatibong implikasyon ang "*Filipino Time"* sa *online classes* sapagkat ang madalas na pagsagawa at pagsunod ng isang kalahok dito ay nagresulta sa pagiging nakasanayang pag-uugali ng kultura sa kanyang pagkatao. Bukod doon, maraming kalahok ang nasabi na naantala ang kanilang mga gawain sa paaralan dahil sa *"Filipino Time"*. Hindi nila naabutan ang ilan sa mga importanteng bahagi ng diskusyon sa klase. Nababawasan din ang kanilang oras sa pagkuha ng mga pagsusulit sapagkat nahuli silang pumasok. Maliban doon, ibinahagi ni kalahok 1 na nakakansela ang ilang mga pagpupulong dahil sa mga mag-aaral na hindi agad pumapasok. Panghuli ay dumadami ang kanilang mga responsibilidad. Hindi nila ito matatapos agad at kinakailangan nilang habulin ang mga nararapat gawin. Nabigyan diin din ang karakter na kung saan sila ay nagiging iresponsable lalo na sa mga pagkakataon na sila ay napapanatag. Para sa kanila ay maaring ipag-mamaya na ang mga gawain sapagkat madali lang naman ito at halos lahat ng impormasyon at *academic resources* ay makukuha na sa kanilang *Learning Management System (LMS)* at *internet*. Napatunayan sa mga saliksik [39],[40] na nakapagbibigay tulong ang *internet* sa aksesibilidad ng mga pang-akademikong impormasyon sapagkat madali itong nakukuha at nahahanap. Ang nabanggit na kasanayan ay bunga rin ng pagiging iresponsibilidad at katamaran na nagiging sanhi sa pagsasagawa ng kulturang *"Filipino Time"*.

Ang mga sagot ng mga kalahok ay sumasang-ayon sa pag-aaral ni Vukovic [16], kung saan binigyang-diin na ang mga mag-aaral na nahuhuli at hindi

dumadating sa takdang oras ay nagkakaroon ng mas kaunti o limitadong oras upang matuto sa klase. Nakakaligtaan din nila ang mga mahahalagang anunsyo at gawain. Higit pa doon, tugma rin ang mga tugon ng mga kalahok sa pag-aaral ni Pancare [14], kung saan ipinapahayag na tungkulin ng isang mag-aaral ang tumupad sa mga iskedyul at kumpletuhin ang mga iniwang aktibidad. Ang mga kalahok na nagsasagawa ng *"Filipino Time"* ay nahihirapang tumalima sa kanilang mga tungkulin. Sa patuloy na pagsunod sa kulturang ito ay nadadagdagan ang kanilang mga gawain at nagiging mas mahirap na tapusin ang lahat ng ito.

## KONGKLUSYON

Pagkatapos analisahin at suriin ng mga mananaliksik ang persepsyon ng mga kalahok ukol sa kulturang *"Filipino Time"*, mayroon itong iba't ibang positibong implikasyon sa *Face-to-Face* at *Online Classes* nang sumiklab ang pandemya. Una, naniniwala ang isang kalahok na mayroong mabuting naidudulot ang *"Filipino Time"* noong mayroong klaseng *Face-to-Face* tuwing nawawalan ng klase dulot ng masamang panahon. Ngunit, mayroon ding negatibong implikasyon ang karanasang ito sapagkat nagbubunga ito ng pagkahuli sa klase o pag-aaral dahil sa mga suspendidong klase. Hindi ito kontrolado ng mga mag-aaral ngunit nakapagbibigay ito ng konrtribusyon sa pag-iral ng kulturang *"Filipino Time"*. Upang lubos na maunawaan, maihahalintulad ito sa karanasan na kung saan nahuhuli ang mga mag-aaral dahil sa trapik na hindi kontrolado gaya ng panahon. Dahil dito, ang mga mag-aaral na may negatibong implikasyon sa kanilang pag-aaral sa pamamaraan na sila ay nahuhuli sa diskusyon ng mga guro [41]. Pangalawa, nakatutulong rin ito sa pamamaraan na ang kalahok ay naging handa para sa mga sumusunod na okasyon dahil naging aral ang pagiging *late* niya sa nakaraan. Para naman sa klaseng *online,* natukoy din ng mga mananaliksik na naisasagawa rin ng mga guro ang *"Filipino Time"* na nagkaroon ng sa mga mag-aaral. Ngunit hindi naging masamang implikasyon ang nasabing sitwasyon sapagkat ayon sa mga mag-aaral, nakatulong iyon sa pamamagitan ng pagpreserba ng limitadong *load* at *data* habang hindi pa nagsisimula ang *synchronous* na sesyon. Maliban pa rito, habang naghihintay ay nadadagdagan ang oras para sa sarili dahil sa *"Filipino Time"*. Sa pamamagitan ng mga nabanggit na positibong implikasyon ng nasabing kultura, masasabi na nakatutulong lamang ito para sa sariling interes. Bukod doon, sa kabuuang pananaw, hindi ito nakatutulong sa pamamaraan na kinakailangan pa maranasan ang masamang implikasyon nito bago makita ang positibong implikasyon.

Binigyan diin din na hindi rin naging mabuti ang implikasyon ng kulturang "*Filipino Time"* sa mga mag-aaral at halos pareho ang kanilang mga naging karanasan sa *face-to-face classes* at *online classes*. Una, karamihan sa kanila ay nahuhuli sa klase na nagbubunga ng pagkahuli sa pagkatuto. Binigyan-diin na dahil sa pagka-atrasado ay hindi na naabutan ang itinuro ng guro lalo na ang importanteng diskusyon na siyang naging dahilan ng pagkalito sa klase. Bukod doon, nalaman din na naantala ang gawain ng mga mag-aaral kagaya ng mga pagsusulit na hindi nasasagutan sa tamang oras dahil sa pagiging huli. Ipinaliwanag din na nakakaapekto ang kulturang "*Filipino Time"* sa mga pagpupulong na nagaganap sapagkat ito ay madalas na nakakansela dahil sa mga mag-aaral na hindi agad pumapasok. Bilang resulta, mas lalong dumarami ang kanilang responsibilidad na kinakailangang habulin upang hindi mapabayaan ang kanilang pang-akademikong responsibilidad. Panghuli, ang tanging pinagkaiba lamang sa implikasyon ng kultura sa dalawang sistema ng pag-aaral ay ang implikasyon ng pagiging iresponsable o pagiging panatag ng mga mag-aaral sa kanilang edukasyon. Mas pinipili nila maging mapanatag dahil sa pagiging *accessible* ng mga pang-akademikong impormasyon sa *internet* na nagbubunga ng pagiging huli sa mga gawain. Lahat ng mga nabanggit ay may masamang implikasyon sa pag-aaral at pagkatao ng mga mag-aaral sapagkat ang pagsasabuhay nila rito ay nagiging daan upang sila'y mahirapan sa pag-aaral.

Sa kabila ng mga negatibong implikasyon ng *"Filipino Time"*, ang mga mag-aaral ay natuto mula sa kanilang mga nakaraang karanasan. Mula rito ay napagtanto nilang nararapat na gamitin ang oras sa tamang paraan upang kailanman ay hindi ito masayang. Sa halip na sumunod sa *"Filipino Time"*, mas nakabubuti na gugulin ang panahon sa pagtatapos ng mga kinakailangang aktibidad. Ang pagkakaintindi sa makabuluhang aral na ito ay tunay na naging isang hakbang sa pagkakaroon ng mga mag-aaral ng mas payapa at organisadong buhay estudyante.

Mula sa mga nabanggit na implikasyon, masasabi na ang implikasyon ng kulturang *"Filipino Time"* sa mga mag-aaral sa *face-to-face class* at *online class* ay halos magkapareho. Sa positibong implikasyon, nabanggit na nabibigyan ng karagdagang oras para sa sarili ang mga mag-aaral sa dalawang pamamaraan ng pag-aaral. Para sa negatibong implikasyon, ang mga nabanggit na implikasyon ay parehas nararanasan sa dalawang pamamaraan ng pag-aaral kung kaya't masasabi na walang impluwensiya ang pagkakaiba ng *learning environment* sa pagsasagawa ng *"Filipino Time"*. Tanging ang mga mag-aaral at ang kanilang karanasan sa paaralan at pag-aaral ang nagkakaroon ng impluwensya sa pagsasagawa ng kultura.

## REKOMENDASYON

Mula sa mga napatunayan, buong pusong inirekomenda ng mananaliksik ang mga sumusunod:

1. Para sa mga estudyante, inirerekomenda ng mga mananaliksik ang pagbuo ng sistema sa pamamahala ng oras na gagana sa kanilang pang araw-araw na pamumuhay. Makatutulong din ang paglilista ng mga bagay na kinakailangang gawin upang matantsa kung ano ang karapatdapat unahin at bigyan ng importansya.
2. Para sa mga guro, inirerekomenta ng mga mananaliksik na maging halimbawa sa mga estudyante sa paglaban ng kasanayang *"Filipino Time"* dahil ayon sa pag aaral ni Maliwanag [20], lubos na makikita ang kasanayang "Filipino time" sa mga klase kung saan ang propesor ay maluwag na pinahihintulutan ang katamaran ng mga estudyante.
3. Para sa mga pribadong paaralan, inirerekomenda na sila ang magbigay ng *WiFi* na maaasahan ang lakas ng koneksyon sa mga estudyante. Ito ay upang maiwasan ng mga mag-aaral ang pagiging dahilan ng mabagal na koneksyon sa internet kaya't sila ay nahuhuli sa *online class*. Gayundin, upang madaling masubaybayan ng paaralan kung totoo bang mabagal o kawalan ng koneksyon ang dahilan kung bakit nahuhuli sa klase ang mag-aaral.
4. Para sa mga susunod na mananaliksik, inirerekomenda na isagawa rin ang pampublikong paaralan sa pananaliksik bilang populasyon upang masuri kung may pagkakapareho ba ng karanasan ang mga mag-aaral sa publiko at pribadong eskwelahan.

## REFERENCES


1. Panopio, I., & Rolda, R. (2007) *Society and Culture*. Katha Publishing Co. Inc. Q.C., Philippines. Date Retrieved: April 5, 2022
2. Taylor, E. (1871). *Primitive Culture*. Cambridge University Press. https://www.cambridge.org/core/books/primitive-culture/30955C7CED270E1AF80CB7FEECF85010
3. White, L., Valk, R., & Dialmy, A. (2011). *What Is the Meaning of "on Time"?*. The Sociocultural Nature of Punctuality. Journal of Cross-Cultural Psychology, 42(3), 482–493. https://doi.org/10.1177%2F0022022110362746
4. Laneria, J. (2011, Nobyembre). *Kailan Dumating ang 'Filipino Time' (at Kung Kailan Ito Aalis)*. WordPress. https://jacoblaneria.wordpress.com/2011/11/20/kailan-dumating-ang-filipino-time-at-kung-kailan-ito-aalis/
5. Dagohoy, L., Dalumpines, C., Ege, J., Estose, C. & Laurente, D. (2020). *Toxic Filipino Culture: Ang Negatibong Epekto ng Normalisasyon ng Filipino Time sa mga Estudyante ng Senior High School sa Unibersidad ng Silliman.* Course Hero. https://www.coursehero.com/file/80599139/TOXIC-FILIPINO-CULTURE-ANG-NEGATIBONG-EPEKTO-NG-NORMALISASYON-NG-FILIPINO-TIME-SA-MGA-ESTUDYANTE-NG/
6. Japson, I. (2019). Relasyon ng Kulturang Filipino Time. Course Hero. https://www.coursehero.com/file/110051165/Relasyon-ng-Kulturang-Filipino-Time-Pananaliksik-Draftpdf/
7. Ilagan, E. (2020). *Bad Filipino Habits That Today's Generation Need To Let Go Of.* NYLON MANILA. https://nylonmanila.com/bad-filipino-habits-let-go/
8. Department of Education. (2020). *Briones welcomes 24.7M Learners for SY 2020-2021, declares opening of classes a victory*. Deped.gov.ph. https://www.deped.gov.ph/2020/10/06/briones-welcomes-24-7m-learners-for-sy-2020-2021-declares-opening-of-classes-a-victory/
9. Enicola, P. (2021). *Online Classes in the PH Push Through Amid the Pandemic.* ChildHope Philippines. https://childhope.org.ph/online-classes-in-the-philippines/
10. Stern, J. (2007). *Introduction to Online Teaching and Learning.* wlac.edu. https://www.wlac.edu/online/documents/otl.pdf
11. Scheiderer, J. (2020). *What's the Difference Between Synchronous and Asynchronous Learning?*. Ohio State Online. https://online.osu.edu/resources/learn/whats-difference-between-asynchronous-and-synchronous-learning
12. Tan, B. (2016). *Why Filipinos Follow Filipino Time.* Medium. https://medium.com/@btantheman/why-filipinos-follow-filipino-time-d38e2c162927
13. Santos, T. (2014). *Epektibo ba ang 'Filipino Time'?.* The Varsitarian. https://varsitarian.net/filipino/20140130/epektibo_ba_ang_filipino_time
14. Pancare, R. (2017). *Effects of Tardiness on Your Child's Education.* How to Adult. https://howtoadult.com/effects-tardiness-childs-education-25692.html
15. Robb, A. (2017). *Absenteeism & Tardiness in Schools: Statistics & Effects.* study.com. https://study.com/academy/lesson/absenteeism-tardiness-in-schools-statistics-effects.html
16. Vukovic, R. (2017). *The effect of student tardiness on learning.* Teacher Magazine. https://www.teachermagazine.com/au_en/articles/the-effect-of-student-tardiness-on-learning
17. Chua, P. (2020). *There's Actually A Reason Why Filipino Time is A Thing.* Esquire Magazine. https://www.esquiremag.ph/culture/lifestyle/filipino-time-explained-a00297-20200814
18. Filipiknow. (2022). *The Intriguing History of "Filipino Time".* filipiknow.net. https://filipiknow.net/origin-of-filipino-time
19. Bernad, M. (2002). *Filipino Time*. Budhi: A Journal Of Ideas And Culture, 5(3 6.1), 207-213.

https://journals.ateneo.edu/ojs/index.php/budhi/article/view/586/583
20. Maliwanag, R. (2019). *The Interaction of Filipino Time and Informal Power Dynamics in the University of the Philippines School of Dynamics: A Case Study*. Research Gate. https://www.researchgate.net/profile/Rafael-John-Maliwanag-2/publication/339413429_The_Interaction_of_Filipino_Time_and_Informal_Power_Dynamics_in_the_University_of_the_Philippines_School_of_Economics_A_Case_Study/links/5e500305458515072dafaccc/The-Interaction-of-Filipino-Time-and-Informal-Power-Dynamics-in-the-University-of-the-Philippines-School-of-Economics-A-Case-Study.pdf
21. Valeriano, T. (2016) *Expat's Guide: Filipino Time.* Primer. https://primer.com.ph/tips-guides/2016/02/15/expat-guide-filipino-time/
22. Reynolds, B. (2013). *The Advantages of Being on Time vs. Being Late to School.* education.seattlepi.com. https://education.seattlepi.com/advantages-being-time-vs-being-late-school-3477.html
23. Hendley, S. (2020). *Being late isn't just rude, it could also be bad for your health.* Body + Soul. https://www.bodyandsoul.com.au/mind-body/wellness/being-late-isnt-just-rude-it-could-also-be-bad-for-your-health/news-story/d0d380072c20e0d36e095c3fc082a564
24. King, R. (2021). *Students will be late. It's not their fault.* High Tide: The Online News Site of Redondo Union High School. https://ruhsmedia.com/2021/01/students-will-be-late-its-not-their-fault/
25. Cagula, K. (2020). *Students sleepless, stressed over online classes.* Davao Today. http://davaotoday.com/main/economy/education/students-sleepless-stressed-over-online-class/
26. Smart, M. (2021). *Students Lateness in Class: Causes, Excuses and Solutions.* Learnpar. https://learnpar.com/students-lateness-class/
27. Rachelle. (2020). *Why You Have Low Student Attendance Online and How to Deal With It.* All Digital School. https://alldigitalschool.com/low-student-attendance/
28. Matchette, M. (2019). *Ang Ilang Mga Teorya Ng Pamamahala Sa Oras Ay Ipapakilala.* Scribd. https://www.scribd.com/document/423365491/Ang-Ilang-Mga-Teorya-Ng-Pamamahala-Sa-Oras-Ay-Ipapakilala
29. Buehler, R., Griffin, D., & Ross, M. (1994). *Exploring the "planning fallacy": Why people underestimate their task completion times.* Journal of Personality and Social Psychology, 67, 366-381
30. Higgins, E. (1987). *Self-discrepancy: A theory relating self and affect.* Psychological Review, 94, 319-340.
31. Hammond, M. (2021). *What is Phenomenology?*. Warwick. https://warwick.ac.uk/fac/soc/ces/research/current/socialtheory/maps/phenomenology/
32. Bernard, H. (2002). *Research Methods in Anthropology: Qualitative and quantitative methods.* 3rd edition. AltaMira Press, Walnut Creek, California.
33. Lewis, J. & Sheppard, S. (2006). *Culture and communication: can landscape visualization improve forest management consultation with indigenous communities?* Landscape and Urban Planning. https://www.sciencedirect.com/science/article/abs/pii/S0169204605000678
34. Ellis, P. (2016). *The language of research (part 8): phenomenological research.* Wounds UK. https://www.wounds-uk.com/journals/issue/46/article-details/the-language-of-research-part-8-phenomenological-research
35. Braun, V. & Clarke, V. (2008). *Using thematic analysis in psychology*. Taylor & Francis Online. https://www.tandfonline.com/doi/abs/10.1191/1478088706qp063oa
36. Lahad, K. (2012). *Singlehood, Waiting, and the Sociology of Time*. Sociological Forum, 27(1), 163–186. https://doi.org/10.1111/j.1573-7861.2011.01306.x
37. Burns, S. (1977). *The Household Economy*. Boston: Beacon Press.
38. Cueva, A. (2014). *Ang Negatibong Epekto ng Ugaling Filipino Time sa Buhay Natin.* ALS Essay. http://www.alsessay.com/p/essay-example-filipino-time.html
39. Audu, C. (2006). *Internet availability and use by postgraduate students of University of Nigeria, Nsukka.* Global Review of Library & Information Science, 2, 34-43.
40. Sahin, Y., Balta, S., & Ercan, T. (2010). *The use of internet resources by university students during their course projects elicitation: A case study.* TOJET: The Turkish Online Journal of Educational Technology, 9(2).
41. Cadaoas, M., Estoesta, J., Monetro, J., & Palpal-Latoc, K. (2019). *Traffic Congestion: Its Effects to Senior High School Students.* https://www.academia.edu/40052803/Traffic_Congestion_Its_Effects_to_Senior_High_School_Students

**COPYRIGHTS**

Copyright of this article is retained by the author/s, with first publication rights granted to APJMSD. This is an open-access article distributed under the terms and conditions of the Creative Commons Attribution license (http://creative commons.org/licenses/by/4).